SEPSIS

ANO ITO

Ang sepsis ay isang nakamamatay na kundisyong nararanasan kapag ang mga tissue at organ ng katawan ay napipinsala dahil sa pagtugon nito sa isang impeksyon. Ang sepsis ay humahantong sa shock, pagpalya ng maraming organ at pagkamatay—lalo na kung hindi ito na-diagnose nang maaga at nagamot kaagad. Sa mga indibidwal na may paralysis/pinsala sa spinal cord, maaaring magsimula ang impeksyon bilang isang impeksyon sa urinary tract (pantog) o pneumonia, o bilang isang sugat, pressure ulcer o ibang impeksyon. Kung hindi maaagapan ang impeksyon, maaari itong kumalat sa katawan. Mada-diagnose na ang sepsis. Ang septic shock ay malalang sepsis na nagreresulta sa biglaang pagbaba ng presyon ng dugo at humahantong sa pagpalya ng organ. Parehong nakamamatay ang sepsis at septic shock. Kung minsan, ang sepsis ay tinatawag na pagkalason ng dugo o systemic inflammatory response syndrome (SIRS).

Maaaring magkaroon ng sepsis dahil sa isang kumalat naimpeksyon sa katawan pagkatapos ng isang operasyon o invasive procedure, o mula sa isang simpleng sugat o gasgas.

Ang sepsis ay isang medikal na emergency na dapat magamot kaagad.

Ang sinumang may impeksyon ay maaaring magkaroon ng sepsis.

Magiging pinakamatagumpay ang panggagamot kung ibibigay sa loob ng isang oras pagkalabas ng mga sintomas ng sepsis.

AKING IMPORMASYON

Pangalan:

_____

MEDIKAL NA KASAYSAYAN

Baseline na Presyon ng Dugo:

_____

Baseline na Temperatura ng Katawan:

_____

Neurological na Lokasyon ng Pinsala:

_____

Provider ng Pangunahing Pangangalagang Pangkalusugan:

_____

Numero ng Telepono:

_____

Mga Allergy:

_____

CONTACT KAPAG MAY EMERGENCY

Kung Sakaling Magkaroon ng Emergency, Tumawag Kay:

_____

Kaugnayan:

_____

Numero ng Telepono:

_____

Ang proyektong ito ay sinuportahan ng U.S. Administration for Community Living, Department of Health and Human Services, Washington, D.C. 20201, bilang bahagi ng grant number 90PR3001. Hinihikayat ang mga grantee na nagsasagawa ng mga proyekto sa tulong ng sponsorship ng pamahalaan na ipahayag ang kanilang mga napag-alaman at naging konklusyon. Samakatuwid, ang kanilang mga pananaw o opinyon ay hindi sumasalamin sa opisyal na patakaran ng Administration for Community Living.

MGA PANGGAGAMOT

Ang panggagamot ay ibinibigay ng mga eksperto sa isang ospital. Ang panggagamot ay may kasamang pangsuporta sa mga kinakailangang paggana ng katawan upang mabuhay, at mga antibiotic upang makontrol ang pagkalat ng impeksyon.

- Nagbibigay ng mga antibiotic upang makontrol ang impeksyon.
- Karaniwan, bibigyan ng IV fluid therapy at oxygen ang mga indibidwal na may sepsis o septic shock.
- Ibinibigay ang mga gamot ayon sa mga sintomas ng indibidwal, gaya ng: gamot upang makontrol ang presyon ng dugo, insulin para sa maraming glucose sa dugo, corticosteroids upang mabawasan ang pamamaga at gamot upang maibsan ang pananakit.
- Hiwalay na pinagpapasyahan ang operasyon upang makontrol ang impeksyon o mga kumplikasyon, kung kinakailangan.
- Mayroong therapy para sa pangsuportang pangangalaga upang mapanatili at mapanumbalik ang paggana ng katawan.
- Kung maaapektuhan ang respiratory system, maaaring mangailangan ng mechanical ventilation.
- Kung may problema sa kidney, maaaring mangailangan ng dialysis.

PAGGALING

Maaaring gumaling mula sa sepsis. Maraming indibidwal ang gumagaling nang walang anumang natitirang problema. Depende sa pinsala sa organ o tissue dahil sa sepsis, magkakaroon ang ilang gumaling mula sa sepsis ng mga pangangailangan para sa pangmatagalang pagpapagaling. Kung may malalang pinsala sa mga braso at binti, maaaring magsagawa ng amputation. Dahil sa naging pinsala ng sepsis, nagkakaroon ang ilang pasyente ng post-traumatic stress syndrome, isang kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip.

fold

Para sa Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan o Unang Responder

Ang mga positibong resulta ng sepsis o septic shock ay nauugnay sa maagang diagnosis at pangggagamot. Hindi malala ang nada-diagnose na sepsis sa iilang indibidwal. Maaaaring ganap na gumaling ang mga indibidwal na ito nang walang anumang mga natitirang problema. Gayunpaman, maaaring magresulta ang sepsis at septic shock sa mga napakalalang kumplikasyon. Ang mga kumplikasyon ng sepsis at septic shock ay maaaring maging napakamapanimsala. Maaaring mapinsala ang anumang organ ng katawan kapag nagkaproblema sa pagdaloy ng dugo. Maaaring magkaroon ng mga pamumuo, na maaaring magresulta sa pagbagal ng pagdaloy ng dugo sa mga organ ng katawan, o mga braso at binti, at magduloť ng pagkamatay ng tissue. Ang pinsala sa organ ay maaaring humantong sa pagpalya ng utak, puso, baga, kidney, atay o anumang pagpaya ng katawan. Maaaring humantong sa gangrene ang pinsala sa mga braso at binti, at kailanganin ang amputation.

MGA PANGKALAHATANG SINTOMAS NG SEPSIS

Maaaring maranasan ang ilan o ang lahat sa sumusunod:

- Impeksyon o posibleng impeksyon
- Pagtaas ng temperatura, mas mataas sa 38.3OC o 101.3OF
- Pagbilis ng pagtibok ng puso, mas marami sa 90 pagtibok kada minuto
- Pagbilis ng rate ng paghinga, mas marami sa 20 paghinga kada minuto

Iba pang mga sintomas na maaaring maranasan:

- Pagkaitto o coma
- Edema lalo na sa mga braso, binti, leg at mukha
- Pagdami ng glucose sa dugo kahit walang diabetes
- Pagbaba ng temperatura, mas mababa sa 36C o 97F

Maaaring may mga component din ng mga variable na ito ang diagnosis:

- Pamamaga ng bahaging unang nagkaroon ng impeksyon o ng anumang bahagi ng katawan
- Kawalan ng kakayahang panatilihin ang presyon ng dugo sa loob ng katawan upang maiyak na sapat ang nakakaraating na dugong mayroong oxyxen sa mahahalagang organ
- Problema sa organ, pagpalya ng anumang mga organ sa loob ng katawan
- Perfusion ng tissue, kawalan ng oxygen sa anumang bahagi ng katawan, kadalasang nangyayari sa mga daliri/braso, daliri sa paa/binti

Nada-diagnose ang sepsis kapag may impeksyon sa katawan AT may isa sa sumusunod:

- problema sa organ (pagpalya ng organ)
- hypoxemia (kawalan ng kakayahang padaluyin ang oxygen sa iyong mga tissue)
- oliguria (pagkaunti ng inilabas na ihi)
- lactic acidosis (pagbaba ng oxygen sa dugo)
- pagdami ng mga enzyme sa atay (problema sa atay)
- pagbabago sa pagguana ng utak (pagkaliito/coma)

ANG DAPAT GAWIN

Ang pagiging malagat ang pinakamainam na panlaban sa pagkakaroon ng sepsis.

Dapat makipag-usap ang mga indibidwal sa kaniliang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa anumang impeksyon na hindi gumagaling o mukhang dumarami ang mga sintomas, gaya ng pamumula, pamamaga, pagsama ng pakiramdam, pananakit, pag-iinit ng naapektuhang bahagi o lagnat/panginginig. Kung mayroon kang impeksyon at nakakaranas ng anumang mga sintomas ng lumalalang impeksyon o kung dumarami ang mga reaksyon ng iyong katawan, tumawag o magpatingin kaagad sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

MGA PAGSUSURI

Narito ang mga karaniwang pagsusuri sa laboratoryo:

- Pagsusuri ng ihi para sa bacteria
- Mga wound culture para sa bacteria
- Mga secretion mula sa ilong o bibig para sa bacteria
- Mga pagsusuri ng dugo para sa bacteria, mga salik sa pamumuo, pagguana ng puso, atay at kidney, oxygenation o mga electrolyte

MGA IMAGING STUDY

Maaaring magsagawa ng mga pag-scan ng katawan upang masuri ang pagguana ng mga organ sa loob ng katawan. Maaaring kasama sa mga pag-scan na iito ang:

- Mga X ray
- Mga CT scan (Computerized tomography)
- Ultrasound
- MRI (Magnetic resonance imaging)

MARYVILLE UNIVERSITY ST. LOUIS

Linda M. Schulz, PhD, GRN
School of Health Professions

International Center for Spinal Cord Injury at Kennedy Krieger Institute
Research. Rehabilitation. Recovery.
www.spinalcordrecovery.org

CHRISTOPHER & DANA REEVE FOUNDATION
PARALYSIS RESOURCE CENTER®
536 Morris Turnpike, Suite 3A | Short Hills, NJ 07078
Telepono: (800) 539-7309 | www.paralysis.org